REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Internet address: http://www.decs.edu.ph
Tel. nos.: 633.7228 • 633.7208 • 634.1925
E-mail: roco@ stamet.net.ph • Fax no. 636.4876

NOV 08 2001

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 301, s. 2001**

**PAMBANSANG DISEMINASYON NG 2001 REVISYON NG ALFABETO AT PATNUBAY SA ISPELING NG WIKANG FILIPINO**

**Sa mga:** **Direktor ng Kawanihan**
**Direktor ng Rehiyon**
**Tagapamahala, Superbisor sa Filipino**
**Puno ng mga Paaralan**

1. Kaugnay ng itinatadhana sa Konstitusyon ng Pilipinas 1986 sa patuloy na pagpayabong at pagpayaman ng Filipino bilang Wikang Pambansa at pampamahalaang wika, ang Komisyon sa Wikang Filipino sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Diseminasyon kaugnay ng 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino na gaganapin sa Teacher's Camp, Lungsod ng **Baguio sa Disyembre 13-16, 2001.**

2. Ang magiging pangkalahatang paksa ay ang pagpapatupad ng napapanahong proyekto ng Komisyon sa Wikang Filipino na may pamagat na "2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino na sinuportahan ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng pagpapabisa sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 45, s. 2001 ng nasabing tanggapan na may petsang Agosto 17, 2001.

3. Ang layunin ng seminar ay ang mga sumusunod:

   a. Matalakay ang mga teorya at rasyonal sa pagbuo ng 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling.

   b. Maunawaan nang ganap ang KWF 2001 Primer at Patnubay sa Ispeling.

   c. Magsagawa ng mga aktibidad kaugnay ng 2001 Revisyon at Patnubay sa Ispeling para sa mabisang pagpapagamit nito sa lahat ng mga kinauukulan.

4. Ang inaasahang dadalo sa pambansang diseminasyon na ito ay ang mga Tagapamanihala, Superbisor sa Filipino, Pinuno ng mga Paaralang pampubliko,

Tagapag-ugnay sa Filipino, mga Puno ng Kagawaran sa Filipino, at mga piling guro/kinatawan sa Filipino sa antas elementarya at sekundarya.

5. Ang akomodasyon at pagkain ay magmumula sa Komisyon sa Wikang Filipino samantalang ang transportasyon at iba pang kaugnay na gastusin ay masisingil sa lokal na pondo na magmumula sa institusyon o tanggapang kinabibilangan. Pinahihintulutan ang pagdalo sa oras na opisyal.

6. Kalakip nito ang programa ng mga gawain para sa Enklosyur Blg. 1 Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam sa mga sumusunod:

**Dr. Nita P. Buenaobra**
**Commission Chairman IV**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
**736-0315, 736-2523, 736-2521**

**Dr. Rosario E. Maminta**
**Komisyon at Lider ng Proyekto**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
**735-8533**

**Dr. Rosalina C. Matienzo**
**Tagapangulo ng Sekretaryat**
**Administrative Officer V**
**736-3831**

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

DepEd RSR 0000016

**RAUL S. ROCO**
**Kalihim**

Kalakip:
**Gaya ng nasasaad**

Sanggunian:
**Kautusang Pangkagawaran: Blg. 45, s. 2001**

**Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)**

**Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng sumusunod na paksa:**

CHANGE
LANGUAGE
OFFICIALS
SEMINARS
TEACHERS

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 301, s. 2001)

## Seminar-Worksyap sa Diseminasyon: "2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino"

Petsa: Disyembre 13-16, 2001
Lugar: Teachers Camp, Lungsod ng Baguio

Unang Araw : Disyembre 13, 2001 - Patungong Baguio at Rehistrasyon

| ARAW/ORAS | PAKSA | TAGAPAGSALITA/ TAGAPAGPADALOY |
|---|---|---|
| Ikalawang Araw | Disyembre 14, 2001<br>Pambukas na Palatuntunan | |
| 8:00 - 9:00 n.u. | Panalangin | Dr. Narciso Matienzo<br>Konsultant/Kagawad Teknikal Komite: Primer |
| | Pambansang Awit | Dr. Fely Castillo<br>KWF, Direktor IV<br>Kagawad, Teknikal Komite: Patnubay sa Ispeling |
| | Bungad Bati | Kgg. Bernardo M. Vergara<br>Punong Lungsod ng Baguio |
| 9:00 - 9:30 n.u. | Pambungad na Pananalita at Pagpapakilala sa Panauhing Pandangal | Dr. Nita P. Buenaobra<br>KWF, Commission Chairman IV |
| | Mensahe | Dr. Fe Hidalgo<br>Pangalawang Kalihim, DECS |
| | Oryentasyon / Pagpapakilala ng mga Dumalo | Dr. Marietta Otero<br>Kolehiyo ng Edukasyon, UP<br>Kagawad, Teknikal Komite: Patnubay sa Ispeling |
| 9:30 - 10:00 n.u. | M E R Y E N D A | |
| 10:00 - 11:00 n.u. | Tungo sa Istandardisasyon ng sistema sa pagsulat sa Filipino: Mga Batas at Alituntunin sa Ispeling na Nauukol sa Walong Dagdagna Letra sa Alfabetong Filipino | Dr. Rosario E. Maminta<br>KWF, Komisyoner<br>Lider ng Proyekto |
| 11:00 n.u. - 12:00 n.t | Oryentasyon hinggil sa Primer at Patnubay sa Ispeling | 1. Dr. Clemencia Espiritu<br>2. Dr. Teresita Fortunato |
| 12:00 n.u. - 12:30 n.u. | Malayang Talakayan | |
| 12:30 n.u. - 1:30 n.u. | Tanghalian | |
| 1:30 n.u. - 2:30 n.u. | Worksyap | 1. |
| 2:30 -3:30 | Plenari | 1. Dr. Bienvenido Lumbera<br>2. Dr. Buenaventura Medina, Jr.<br>3. Dr. Lakandupil C. Garcia<br>4. Dr. Jose Dakila Espiritu |
| 3:30 - 4:00 | Merienda | |
| 4:00 - 5:00 | Malayang Talakayan | |

Tagapagpadaloy at Tagapagtalakay ng Ikalawang Araw: Dr. Clemencia C. Espiritu

DISYEMBRE 15, 2001 - Ikatlong Araw

| ARAW/ORAS | PAKSA | TAGAPAGSALITA/ TAGAPAGDALOY |
|---|---|---|
| Ikatlong Araw | Disyembre 15, 2001 | |
| 6:00 - 8:00 n.u. | A L M U S A L | |
| 8:00 - 10:00n.u. | Worksyap: Paggamit ng Patnubay sa Ispeling sa Iba't Ibang Disiplina<br><br>(Pagpapangkat sa mga Kalahok ) | Prof. Melanie Donkor<br>Dr. Teresita Fortunato<br>Dr. Pamela Constantino<br>Dr. Galileo Zafra<br>Dr. Narciso Matienzo<br>Dr. Fely Castillo<br>(Mga Tagapagdaloy) |
| 10:00 - 10:30 n.u. | M E R Y E N D A | |
| 10:30 - 11:30 n.u. | Pag-uulat ng mga Pangkat at Talakayan | Mga Lider ng Pangkat |
| 11:30 - 12:00 n.t. | Reaksyon: Lider ng Proyekto | Dr. Rosario E. Maminta |
| 12:00 n.t. - 1:00 n.h. | T A N G H A L I A N | |
| 1:00 - 2:30 n.h. | Pagpaplano sa Rehiyonal na Diseminasyon | (Paralel na Sesyon) Mga Tagapagpadaloy |
| 2:30 - 3:00 n.h. | M E R Y E N D A | |
| 3:00 - 4:00 n.h. | Paghaharap ng Plano | Lider ng Proyekto |
| 4:00 - 4:30 n.h. | Tugon: KWF Commission Chairman IV -at Lider ng Proyekto | Dr. Nita P. Buenaobra<br>Dr. Rosario Maminta |
| 4:30 - 5:30 n.h. | Pampinid na Palatuntunan : Pagkakaloob ng Sertipiko/ Pagtatapos | |

Tagapagdaloy at Tagapagtalakay ng Ikatlong Araw: Dr. Enedina Villegas

Ikaapat na Araw : Disyembre 16, 2001 - Pabalik ng Maynila